

Ano ba ang Portable Long Service Leave?

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa mga industriya ng Pagtatayo at Konstruksyon ng Gusali, Komunidad, Kontratadong Paglilinis o Seguridad sa ACT, ang portable long service leave ay isang uri ng bayad na bakasyon na iyong magagamit pagkatapos mong makapagtrabaho sa alinman sa mga industriyang ito nang ilang panahon. Hindi mahalaga kung ikaw ay nagtrabaho para sa iba't ibang tagapag-empleyo, kailangan mo lang na nagtrabaho sa kaparehong industriya sa panahong iyon.

- Kung ikaw ay nagtatrabaho sa **Pagtatayo at Konstruksyon ng Gusali**, ikaw ay may karampatang 13 na linggong bayad na bakasyon pagkatapos mong magtrabaho sa industriyang ito nang 10 taon.
- Kung ikaw ay nagtrabaho sa **Sektor ng Komunidad**, ikaw ay may karampatang 4.33 na linggong bayad na bakasyon pagkatapos mong magtrabaho sa industriyang ito nang 5 taon.
- Kung ikaw ay nagtrabaho sa **Kontratadong Paglilinis**, ikaw ay may karampatang 6.06 na linggong bayad na bakasyon pagkatapos mong magtrabaho sa industriyang ito nang 7 taon.
- Kung ikaw ay nagtrabaho sa **Seguridad**, ikaw ay may karampatang 6.06 na linggong bayad na bakasyon pagkatapos mong magtrabaho sa industriyang ito nang pitong taon.

Ano ang ACT Long Service Leave Authority?

Kami ay isang organisasyon ng pamahalaan sa ACT na may katungkulang mag-asikaso ng iyong portable long service leave.

Paano ko malalaman kung ako ay nakarehistro?

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa mga industriya ng Pagtatayo at Konstruksyon ng Gusali, Kontratadong Paglilinis, Sektor ng Komunidad o Seguridad, dapat kang iparehistro sa amin ng iyong tagapag-empleyo para sa long service leave kapag nagsimula kang magtrabaho sa kanila. Pagkatapos kang maiparehistro magpapadala kami sa iyo ng isang liham, upang ipagbigay-alam ang mga detalye ng iyong pagrehistro. Kung hindi mo natanggap ang sulat na ito, o kung hindi ka sigurado kung ikaw ay naka-rehistro na, dapat kang makipag-ugnayan sa amin upang matiyak na naitala namin ang iyong mga detalye.

Pagkatapos mong mairehistro, dapat ka rin makatanggap ng statement tuwing buwan ng Oktubre ng bawat taon na magpapakita sa iyo kung ilang araw ka nagtrabaho sa taong ito, sinong mga taga-empleyo na pinagtrabahuhan mo sa taong ito at ang mga sahod na naitala para sa iyo. Ang impormasyong ito ay napakahalaga at ginagamit upang asikasuhin ang iyong portable long service leave. Kapag natanggap mo na ang iyong statement sa bawat taon, dapat mong tingnan kung ang impormasyon ay tama. Kung sa iyong palagay ay may kulang na anumang impormasyon sa iyong statement o parang may mali, dapat kang makipag-ugnayan sa amin upang masuri ito. Kung



hindi ka nakatanggap ng statement, mangyaring ipaalam ito sa amin. Maaaring hindi tama ang mga detalye ng kontak mo sa amin o maaaring ikaw ay hindi nakarehistro.

Ano ang aking dapat gawin kung kailangan ko ng impormasyon tungkol sa aking portable long service leave?

Kung nais mo ng impormasyon tungkol sa iyong portable long service leave, mangyaring tawagan kami sa 02 6247 3900, o mag-email sa amin sa enquiry@actleave.act.gov.au. Kung kailangan mong makipag-usap sa isang tao sa wikang iba pa sa Ingles, mangyaring tumawag sa Telephone Interpreter Service sa 131 450.